

Republika ng Pilipinas
KAPULUNGAN NG MGA KINATAWAN
Batasan Hills, Quezon City
Ikadalawampung Kongreso
Unang Regular na Pagpupulong



Panukalang Batas Bilang **3863**

Ipinanukala ng mga Kagalang-galang na Kinatawang:
JOSE MANUEL TADEO “CHEL” I. DIOKNO (Akbayan Partylist)
PERCIVAL V. CENDAÑA (Akbayan Partylist)
DADAH KIRAM ISMULA (Akbayan Partylist)
ARLENE “KAKA” J. BAG-AO (Dinagat Islands)

ISANG BATAS
NA NAG-AATAS NA ISALIN SA WIKANG FILIPINO, BISAYA, AT
ILOKANO ANG MGA BATAS NA NAGPAPATAW NG PARUSA, AT
SUMUSUSOG SA EXECUTIVE ORDER NO. 292, SERIES OF 1987, NA
KILALA BILANG “REVISED ADMINISTRATIVE CODE OF 1987” AT
NAGLALAN NG PONDO PARA SA LAYUNING ITO

PALIWANAG

Ang batas ng Pilipinas ay batas ng Filipino. Ayon sa Saligang Batas, “[a]ng wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. [...] Alinsunod sa tadhana ng batas at sang-ayon sa nararapat na maaaring ipasya ng Kongreso, dapat magsagawa ng mga hakbangin ang Pamahalaan upang ibunsod at puspasang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang medium ng opisyal na komunikasyon [...]”¹ Samantala, “[u]kol sa layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at, hangga’t walang ibang itinatadhana ang batas, Ingles. Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong na mga wikang opisyal sa mga rehiyon [...]”² Bukod dito, kinikilala ng Saligang Batas ang karapatan ng bawat tao sa kaukulang kaparaanan ng batas³ at ang karapatan ng taumbayan sa kaalaman hinggil sa pampublikong impormasyon, kasama ang mga opisyal na rekord at mga dokumento at papeles tungkol sa mga opisyal na gawain, transaksyon, o pasya.⁴

¹ Saligang Batas, Artikulo XIV, Seksyon 6.

² Saligang Batas, Artikulo XIV, Seksyon 7.

³ Saligang Batas, Artikulo III, Seksyon 1.

⁴ Saligang Batas, Artikulo III, Seksyon 7.

Sa kabila nito, nananatiling banyaga at malayo sa karaniwang mamamayan ang ating mga batas. Dahil dito, hindi nakakamit ng maraming Pilipino ang katarungan mula sa ating sistemang panligal. Napagkakaitan din ang mga batayang sektor ng kapangyarihang magamit ang batas para sa pagbabago at katarungang panlipunan. Ayon sa isang pag-aaral, 20% lamang ng mga Pilipino na may suliraning panligal ang humanap ng tulong upang makakamit ng hustisya.⁵ Ayon pa sa isang pag-aaral, ang kakulangan ng sapat at malinaw na kaalaman ukol sa batas ay isang hadlang sa pagkakamit ng katarungan. Isa sa mga ugat ng problemang ito ay ang paggamit ng wikang Ingles sa ating sistema ng batas—isang wikang hindi ginagamit ng karamihan sa pang-araw-araw na buhay.⁶

Samantala, ang mga batas ng mga karatig-bansa ng Pilipinas, gaya ng Indonesia, Thailand, Vietnam, Cambodia, Laos, Myanmar, at Timor-Leste, ay nasa kanikanilang pambansang wika. Sinusuportahan ng kanilang mga pamahalaan ang pagyabong ng kanilang sariling wika. Ipinapakita nito na posible ang paggamit ng sariling wika sa pagsulat ng mga batas.⁷ Sa ganitong paraan, mas napapalapit sa mamamayan ang katarungan at napapalalim ang kanilang kaalaman sa kanilang mga karapatan at pananagutan.

Kaya't nararapat lamang na isalin sa ating sariling wika ang mga batas ng Pilipinas. Bagamat ito ay dambuhalang gawain, kinakailangang may pagsimulan ito. Maaaring magsimula sa pagsasalin ng mga batas na nagpapataw ng parusa, tulad ng pagkakakulong o pagmumulta, sa mga wikang ginagamit ng pinakamalalaking pangkat etniko sa bansa. Ayon sa Philippine Statistics Authority, ang apat na pinakamalalaking pangkat etniko sa Pilipinas ay ang mga Tagalog (26.0%), Bisaya (14.3%), Ilokano (8.0%), at

⁵ World Justice Project, *Global Insights on Access to Justice: Findings from the World Justice Project General Population Poll in 101 Countries* (2019), <https://worldjusticeproject.org/sites/default/files/documents/WJP-A2J-2019.pdf> last accessed on 13 August 2025.

⁶ Tignan: United Nations Development Programme, *Primer: Access to Justice* (2013), https://www.ombudsman.gov.ph/UNDP4/wp-content/uploads/2013/01/Primer_Access_to_justice.pdf last accessed 13 August 2025.

⁷ Tignan: Robert Brian Smith, *Complexity of Legal Harmonisation in Southeast Asia: A Diversity of Legal Systems & Languages*, 10 Athens Journal of Law. (2024), <https://doi.org/10.30958/ajl.10-2-4> last accessed on 13 August 2025.

Cebuano (8.0%).⁸ Ginagamit ng mga pangkat etnikong ito ang mga wikang Filipino, Bisaya, at Ilokano.

Ito ang layunin nitong panukalang batas na nag-aatas isalin ang mga Batas sa Sariling Wika. Sa ilalim ng panukalang ito: (1) Sususugan ang ilang probisyon ng Revised Administrative Code of 1987 upang atasan ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na isalin, sa loob ng siyamnapung (90) araw, sa wikang Filipino, Bisaya, at Ilokano ang mga maipapasang batas sa hinaharap na nagpapataw ng parusa; (2) Inaatasan din ang KWF na isalin sa loob ng limang taon ang mga kasalukuyang umiiral na batas na nagpapataw ng parusa; (3) Hinihikayat ang pagsasalin ng mga nasabing batas sa iba pang mga wika sa Pilipinas, kasama ang mga wika ng mga katutubong pamayanan; at (4) Inaatasan ang Presidential Communications Office (PCO) na ilathala ang mga opisyal na pagsasalin sa Official Gazette.

JOSE MANUEL TADEO
“CHEL” I. DIOKNO
Akbayan Representative

PERCIVAL V. CENDAÑA
Akbayan Representative

DADAH KIRAM ISMULA
Akbayan Representative

KAKA J. BAG-AO
Dinagat Islands Representative

⁸ Philippine Statistics Authority, Ethnicity in the Philippines (2020 Census of Population and Housing) (4 July 2023), <https://psa.gov.ph/content/ethnicity-philippines-2020-census-population-and-housing> last accessed on 11 August 2025.

Republika ng Pilipinas
KAPULUNGAN NG MGA KINATAWAN
Batasan Hills, Quezon City
Ikadalawampung Kongreso
Unang Regular na Pagpupulong

Panukalang Batas Bilang **3863**

Ipinanukala ng mga Kagalang-galang na Kinatawang:
JOSE MANUEL TADEO “CHEL” I. DIOKNO (Akbayan Partylist)
PERCIVAL V. CENDAÑA (Akbayan Partylist)
DADAH KIRAM ISMULA (Akbayan Partylist)
ARLENE “KAKA” J. BAG-AO (Dinagat Islands)

ISANG BATAS
NA NAG-AATAS NA ISALIN SA WIKANG FILIPINO, BISAYA, AT
ILOKANO ANG MGA BATAS NA NAGPAPATAW NG PARUSA, AT
SUMUSUSOG SA EXECUTIVE ORDER NO. 292, SERIES OF 1987, NA
KILALA BILANG “REVISED ADMINISTRATIVE CODE OF 1987” AT
NAGLALAN NG PONDO PARA SA LAYUNING ITO

Ipinagtitibay ng Senado at Kapulungan ng mga Kinatawan ng Pilipinas na ngayon ay nakatipon:

1 **SEKSYON 1. Maikling Pamagat.** – Ang Batas na ito ay tatawaging
2 *“Batas sa Sariling Wika.”*

3 **Sek. 2. Pahayag ng mga Polisiya.** –

4 a. Ang batas ng Pilipinas ay batas ng Pilipino. Hindi maaaring manatiling
5 banyaga ang mga batas sa karaniwang mamamayan.

6 b. Naiintindihan dapat ng bawat mamamayan ang mga batas, lalo na
7 kung ito ay nagpapataw ng parusa tulad ng pagkakakulong. Alinsunod
8 ito sa karapatan sa kaukulang kaparaanan ng batas at karapatan sa
9 pampublikong impormasyon sa ilalim ng Saligang Batas. Bukod dito,
10 mahalaga ring naiintindihan ng mga batayang sektor ang mga batas
11 upang magamit nila ito para sa kanilang pagsasakapangyarihang
12 panligal at pagkamit ng katarungang panlipunan.

13 c. Kinikilala ang Filipino, Bisaya, at Ilokano bilang mga wikang ginagamit
14 ng pinakamalalaking pangkat etniko sa bansa. Samantala, kinikilala
15 rin ang pagkakaiba-iba ng mga wikang ginagamit sa Pilipinas, kasama
16 ang sari-saring wika ng mga katutubong pamayanan.

1 **Sek. 3. Pagsusog sa Administrative Code of 1987. –**

- 2 a. Sinususugan ang Seksyon 20 ng Unang Libro ng Executive Order No.
3 292, s. 1987, na babasahin na bilang:

4 *Section 20. Interpretation of Laws and Administrative Issuances. -*
5 *In the interpretation of a law or administrative issuance the*
6 ~~*[promulgated in all the official languages], the [English text]*~~
7 **ORIGINAL LANGUAGE USED IN THE OFFICIAL TEXT** *shall*
8 *control, unless otherwise specifically provided. In case of ambiguity,*
9 *omission or mistake, the other texts* **OR OFFICIAL TRANSLATIONS**
10 *may be consulted.*

- 11 b. Sinususugan ang Seksyon 25 ng Unang Libro ng Executive Order No.
12 292, s. 1987, na babasahin na bilang:

13 *Section 25. Editing and Publications. - The Official Gazette shall*
14 *be edited in the Office of the President and published weekly in [Pilipino]*
15 **FILIPINO** *or in the English language. THE KOMISYON SA*
16 **WIKANG FILIPINO SHALL MAKE OFFICIAL TRANSLATIONS**
17 **OF ALL LAWS WITH PENAL PROVISIONS IN FILIPINO,**
18 **BISAYA, AND ILOKANO. IT SHALL ALSO MAKE OFFICIAL**
19 **TRANSLATIONS OF THESE LAWS IN OTHER LANGUAGES IN**
20 **THE PHILIPPINES, INCLUDING THE LANGUAGES OF**
21 **INDIGENOUS CULTURAL COMMUNITIES, AS FAR AS**
22 **PRACTICABLE. THE OFFICIAL TRANSLATIONS OF LAWS**
23 **MUST BE PUBLISHED IN THE OFFICIAL GAZETTE WITHIN**
24 **NINETY (90) DAYS FROM THEIR ENACTMENT.**

25 ~~*[It]*~~ **THE OFFICIAL GAZETTE** *shall be sold and distributed by*
26 *the National Printing Office which shall promptly mail copies thereof to*
27 *subscribers free of postage. IT SHALL ALSO BE MADE AVAILABLE*
28 **ONLINE.**

29 **Sek. 4. Saklaw. –** Saklaw ng mga probisyon ng Batas na ito ang lahat ng
30 kasalukuyang umiiral na batas na nagpapataw ng parusa, kasama ang lahat
31 ng susog sa mga ito, at ang lahat ng mga maipapasang batas na nagpapataw
32 ng parusa.

33 **Sek. 5. Pagpapatupad. –** Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa
34 ilalim ng Tanggapan ng Pangulo ang pangunahing ahensyang mangangasiwa

1 at titiyak sa pagpapatupad ng Batas na ito. Samantala, ang Presidential
2 Communications Office (PCO), bilang tagapangasiwa ng Official Gazette, ang
3 inaatasang maglathala ng mga salin ng mga batas at magbigay ng mga opisyal
4 na kopya ng mga batas na isasalin sa KWF.

5 May limang (5) taon ang KWF at PCO mula pagkabisa ng Batas na ito para
6 isalin at ilathala ang mga opisyal na salin ng mga kasalukuyang umiiral na
7 batas na nagpapataw ng parusa. Kaugnay nito, uunahing ilathala ang mga
8 opisyal na salin ng mga sumusunod:

- 9 a. Revised Penal Code (Act No. 3815) at mga susog nito;
- 10 b. Labor Code of the Philippines (Presidential Decree No. 442) at mga
11 susog nito;
- 12 c. Magna Carta for Persons with Disability (Republic Act No. 7277) at mga
13 susog nito;
- 14 d. Urban Development and Housing Act of 1992 (Republic Act No. 7279) at
15 mga susog nito;
- 16 e. The Special Protection of Children Against Abuse, Exploitation and
17 Discrimination Act (Republic Act No. 7610) at mga susog nito;
- 18 f. Migrant Workers and Overseas Filipinos Act of 1995 (Republic Act No.
19 8042) at mga susog nito;
- 20 g. The Indigenous Peoples' Rights Act of 1997 (Republic Act No. 8371);
- 21 h. The Philippine Fisheries Code of 1998 (Republic Act No. 8550) at ang
22 susog nito;
- 23 i. The Anti-Violence Against Women and Their Children Act of 2004
24 (Republic Act No. 9262);
- 25 j. The Safe Spaces Act (Republic Act No. 11313); at
- 26 k. Magna Carta of Filipino Seafarers (Republic Act No. 12021).

27 Simple at naiintindihang mga salita at paraan ng pagsusulat ang
28 gagamitin ng KWF sa pagsasalin ng mga batas.

29 ***Sek. 6. Mga Tuntunin sa Pagpapatupad.*** – Magtatakda ng mga
30 tuntunin sa pagpapatupad ng Batas na ito ang KWF at PCO, kasama ang
31 isang kinatawan ng Integrated Bar of the Philippines (IBP) at tatlong (3)
32 organisasyong sibiko o akademiko na nagsusulong ng paggamit at
33 pagpapayaman ng mga wika sa Pilipinas o pagsasakapangyarihang panligal
34 ng mga batayang sektor. Itatalaga ng Pambansang Pangulo ng IBP ang

1 kinatawan nito. Pagtitibayin at ilalathala ang mga tuntuning ito sa loob ng
2 siyamnapung (90) araw mula pagkabisa ng Batas na ito.

3 **Sek. 7. Taunang Ulat.** – Magsusumite ang KWF ng ulat sa Pangulo at
4 Kongreso kada taon ukol sa pagpapatupad ng Batas na ito. Ilalathala ang ulat
5 na ito sa website ng KWF.

6 **Sek. 8. Pagsasalin ng Pondo** – Magmumula sa taunang pondo ng
7 Tanggapan ng Pangulo para sa KWF at PCO ang *budget* na kailangan para sa
8 panimulang taon ng pagpapatupad ng Batas na ito. Pagkatapos nito, ang mga
9 kinakailangang pondo para sa pagpapatupad ng Batas na ito ay isasama na sa
10 taunang Pangkalahatang Batas sa Paglalaan ng Pondo sa ilalim ng *budget* ng
11 Tanggapan ng Pangulo.

12 **Sek. 9. Pagkakahiwalay ng mga Probisyon.** – Kung, sa anumang
13 kadahilanan, ang alinmang bahagi ng Batas na ito ay madeklarang walang
14 bisa, ang mga natitirang bahagi ay mananatiling may bisa.

15 **Sek. 10. Pagsusog at Pagpapawalang-bisa.** – Itinuturing na wala nang
16 bisa o nasusugan na ang lahat ng mga batas, kautusan, ordinansa, at
17 tuntunin, o mga bahagi ng mga ito, na di-angkop o salungat sa Batas na ito.

18 **Sek. 11. Bisa.** – Magkakabisa ang Batas na ito pagkalipas ng labinlimang
19 (15) araw mula pagkalathala sa Official Gazette o sa pahayagang may
20 pangkalahatang sirkulasyon.

Inaprubahan,